## Mga kuro-kuro at haka-haka:

**mali:** Nawawalan ng gana sa sex ang lalaking gumagamit ng condom.

**TAMA:** Para sa ibang kalalakihan, ito ay maaaring totoo. Kadalasan ang gana sa sex ay nasa isip lamang. Iba't ibang paraan ang maaaring gawin para lalong maging kapana-panabik ang sex.

**mali:** Ang ibang condom ay masikip.

**TAMA:** "One size fits all." Ang condom ay gawa sa latex rubber at ito ay lumalaki ayon sa laki ng ari ng lalaki.

**mali:** Ang condom ay may maliliit na butas.

**TAMA:** Walang butas ang condom. Maaaring magkabutas lamang ito kung hindi tama ang paggamit. Ito ay gawa sa latex rubber na dumadaan sa masusing quality control.

## Para kanino ito?

- Para sa mga babaeng nangangailangan ng proteksyon laban sa pagbubuntis.
- Para sa mga mag-partner o mag-asawa na mataas ang panganib na magkaroon ng STD o HIV/AIDS.

Para sa karagdagang kaalaman o counseling tungkol sa family planning, sumangguni sa pinakamalapit na health center; o bumisita sa:

Itong babasahin ay nabuo ng PATH Foundation Philippines at ng mga I-POPCORM NGOs sa tulong ng The David and Lucile Packard Foundation.

i-popcorm

# CONDOM





## Ano ang condom?

Ang condom ay isang uri ng contraceptive na gawa sa latex rubber. Ito ay isinusuot sa matigas na ari ng lalaki.

## Gaano kabisa ito?

Mabisa ang paggamit ng condom laban sa pagbubuntis o pagkahawa ng mga sakit tulad ng sexually transmitted diseases o STD at HIV/AIDS, lalo na kung ito'y ginagamit ng wasto at palagian.

## Mga magandang katangian:

- ✓ madaling gamitin
- ✓ abot-kaya ang halaga
- ✓ nagbibigay proteksyon laban sa STD at HIV/AIDS
- ✓ maaaring magbuntis agad ang isang babae kung ititigil ang paggamit nito
- ✓ maaaring gamitin bilang back-up method sa iba pang contraceptive tulad ng pills

## Iba pang mga dapat malaman:

- nakakasagabal sa pakikipag-sex
- madaling mapunit kung mali ang paggamit
- isang beses lamang maaaring gamitin

*(Ang babasahing ito ay sadyang ginawa para sa mga nais makaiwas sa di-planadong pagbubuntis at pagkahawa ng HIV/AIDS at STD.)*

## Ang tamang paraan ng paggamit ng condom




1. Siguraduhing hindi expired ang condom.



2. Pisilin ang dulo ng condom para mawala ang hangin.




3. Katulad ng pagsuot ng medyas, isuot sa matigas na ari.



Ipapasok mula ulo hanggang sa puno ng ari.



4. Gumamit lamang ng water-based lubricants. Pwede ang laway. HUWAG gumamit ng oil o lotion.



5. Pagkatapos ng sex, habang nilalabas o wini-withdraw ang ari, ingatang hindi mapunit o matanggal ang condom.



6. Dahan-dahang hubarin ang condom at itapon sa tamang lugar.